

PIVOT^{4A} LEARNER'S MATERIAL

GRADE 4 MAPEH (MUSIC)



QUARTER 4

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitahan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikaapat na Markahan
Unang Edisyon, 2022

MAPEH (Music)

Ikaapat na Baitang

Job S. Zape, Jr.
PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead

Norina M. Maderazo
Content Creator & Writer

Gelsie M. Garrido & Lerma M. Baldonado
Internal Reviewer & Editor

Rachael B. Chavez
Technical Reviewer

Marites K. Chavez
Layout Artist

Alvin G. Alejandro, John Albert A. Rico,
Jeewel L. Cabriga & Melanie Mae N. Moreno
Graphic Artist & Cover Designer

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

PIVOT 4A CALABARZON Music

Gabay sa Paggamit ng PIVOT 4A Learner's Material

Para sa Tagapagpadaloy

Ang modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutuhan ang mga aralin sa asignaturang **MAPEH (Music)**. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinegurong naaayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa ating mga mag-aaral para sa paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pagpapakita ng kakayahang magtiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa sumusunod na mga aralin.

Salamat sa iyo!

Para sa Mag-aaral

Ang modyul na ito ay ginawa bilang sagot sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong mabigyan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi nito. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga gawain sa pagkatuto.
2. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat gawain.
3. Maging tapat sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
4. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
5. Punan ang **PIVOT Assessment Card for Learners** sa pahina 38 sa pamamagitan ng akmagang simbolo sa iyong Lebel ng Performans pagkatapos ng bawat gawain.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagpadaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagpadaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong magulang o tagapag-alaga, o sinumang mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami na sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa. Kaya mo ito!

Mga Bahagi ng PIVOT 4A Modyul

	K to 12 Learning Delivery Process	Nilalaman
Panimula (Introduction)	Alamin	Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na resulta ng pagkatuto para sa araw o linggo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan para sa aralin.
	Suriin	
Pagpapaunlad (Development)	Subukin	Ang bahaging ito ay nagtataglay ng mga aktibidad, gawain at nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral. Ang karamihan sa mga gawain ay umiinog sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC. Layunin nito na makita o matukoy ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan.
	Tuklasin	
	Pagyamanin	
Pakikipagpalihan (Engagement)	Isagawa	Ang bahaging ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga Knowledge Skills, at Attitudes (KSA) upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kaniyang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa Pagpapaunlad o D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/gawain sa buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kaniyang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto.
	Linangin	
	Iangkop	
Paglalapad (Assimilation)	Isaisip	Ang bahaging ito ay maghahatid sa mag-aaral sa proseso ng pagpapakita ng mga idea, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga upang makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kaniyang kaalaman sa pagbibigay ng epektibong repleksiyon, pag-uugnay, o paggamit sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na magbibigay sa kaniya ng pagkakataong pagsama-samahin ang mga bago at dating natutuhan.
	Tayahin	

Ang modyul na ito ay nagtataglay ng mga pangunahing impormasyon at gabay sa pag-unawa ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang higit na pag-aaral ng mga nilalaman, konsepto at mga kasanayan ay maisasakatuparan sa tulong ng K to 12 Learning Materials at iba pang karagdagang kagamitan tulad ng Worktext at Textbook na ipagkakaloob ng mga paaralan at/o mga Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon. Magagamit din ang iba pang mga paraan ng paghahatid ng kaalaman tulad ng Radio-based at TV-based Instructions o RBI at TVI.

Tempo (Largo at Presto)

Aralin

I

Natutuhan mo sa ikatlong baitang ang paggamit ng tempo sa iba't ibang awitin. Sa araling ito ay mahalagang matutunan mo ang wastong katawagan para sa mabilis at mabagal na tempo, upang matulungan ka na magamit ang angkop na *musical terms* at maipakita ang pagkakaiba-iba ng tempo. *largo*, at *presto*.

Ano-anong kilos ang ginagamit sa paglalarawan ng *tempo*?

Kung ating pagmasdan ang ating kapaligiran, bawat isa ay may sariling galaw. Ang pag-indayog ng mga puno, pag-ihip ng hangin, ang paghahabulan ng mga alon at paghampas sa dalampasigan, ang paglangoy ng bibe sa sapa, maging ang paglakad ng mga nagmamadaling tao sa umaga, pagpasok sa trabaho, at pagtakbo ng mga rumaragasang sasakyan ay nagpapakita ng iba't ibang galaw o kilos.

Kaugnay ng mga bagay na ito, ang isang awitin o tugtugin ay may tiyak na kilos o galaw. Ito ay tinatawag na *tempo*. Ang ***tempo*** ay maaaring mabilis o mabagal. Ang ***mabilis*** na tempo ay tinatawag na ***presto*** samantalang ang ***mabagal*** na tempo ay tinatawag na ***largo***. Ang tempo ng awitin ay maaaring ilarawan sa pamamagitan ng iba't ibang kilos ng katawan. Ang kilos o galaw ay naaayon sa daloy ng awitin o tugtugin.

Narito ang dalawang halimbawa ng awitin na may magkaibang tempo. Sa tulong ng kasama sa bahay, pag-aralan ang mga ito. (Paunawa: Kung may akses sa internet, maaaring pakinggan ang awitin sa youtube)

Mga Alaga Kong Hayop

Lumipad, lumipad ang ibon,
ang ibon, ang ibon
Lumipad, lumipad ang ibon sa
magandang pugad
Tumakbo, tumakbo ang pusa,
ang pusa, ang pusa
Tumakbo, tumakbo ang pusa sa
loob ng bahay

Lullaby and Goodnight

*Lullaby and goodnight now
the daytime is over
Time to sleep up to your
dreamland
I will keep you safe and warm
Lullaby and goodnight, there
is nothing to fear
Lullaby and goodnight, when
you wake I'll be near"*

<https://www.youtube.com/watch?v=Cc0jXjWPFus>

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Sa iyong sagutang papel, sagutin ang sumusunod na mga katanungan.

1. Ano ang kahulugan ng tempo?
2. Ibigay ang pagkakaiba ng dalawang uri ng tempo.
3. Sa dalawang awitin sa itaas, alin ang may tempong mabilis? Mabagal?
4. Ipaliwanag ang pagkakaiba ng largo at presto.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sa tulong ng iyong mga magulang o *guardian*, awitin ang mga sumusunod na awit sa ibaba at tukuyin ang tempo sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (/) sa tamang kolum. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Pamagat ng awit	Largo	Presto
1. Rock a bye baby		
2. Leron-Leron Sinta		
3. Sitsiritsit		
4. Sa Ugoy ng Duyan		
5. Paru-Parong Bukid		

E

Gawain Sa Pagkatuto Bilang 3: Sa tulong ng kasama sa bahay, pag-aralan ang awiting “Kalesa” at sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Kalesa

Kalesa'y may pang-akit na taglay
Maginhawa't di maalinsangan
Nakahahalina kung pagmasdan
Kalesa ay pambayang sasakyan

Kalesa'y nakaaaaliw
Lalo na pag gumagabi
At kung kasama ko ang aking giliw
Mangangalesa na rin kami

Kabayo ay di natin problema
Pulot at damo lang ay tama na
Matulin din sa kalsada
Tumatakbong maginhawa
Wala pang gasolina

(Repeat first and second paragraphs)

Matulin din sa kalsada
Tumatakbong maginhawa
Wala pang gasolina.

Repeat all

Kalesa ay panghatid tuwina
Nung panahon nina maria clara
Mga bayani nitong bayan
Sa kalesa'y dinuduyan

Kung may akses sa internet, pakinggan ang awiting “Kalesa” na may iba’t ibang tempo: <https://www.youtube.com/watch?v=lnnuniZ4RYs>

Pakikipagpalihan (Mungkahing Oras:15 minuto)

Ang mga awitin o tugtugin ay kumikilos tulad ng mga pangyayari sa ating paligid. May mga pagkakataon na kailangang kumilos nang mabilis at mabagal. Kaugnay nito, ang musika ay dumadaloy sa mabilis at mabagal na paraan.

1. Anong uri ng transportasyon ang kalesa?
2. Sa anong uri ng pamayanan makikita ang kalesa?
3. Ano ang mabuting naidudulot sa kapaligiran ng paggamit ng kalesa?
4. Ano ang iyong napansin sa tempo ng awiting “Kalesa”?
5. Aling bahagi ng awit ang may mabilis na *tempo*? Mabagal na *tempo*?

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Sa tulong ng nakatatandang kasama sa bahay, mag video o magrecord ng isang awiting alam mo na maaaring gamitan ng tempong pinag-aralan. Ipadala ang video sa *messenger* ng guro. (Paunawa: Maaaring gamitin ang awit na “Kalesa”). Gawing batayan ang Rubrik sa ibaba sa pagsasagawa mo ng gawaing ito. Kopyahin ang rubrik sa ibaba at sagutan batay sa iyong nagawang pagtatanghal.

Gawain	Napakahusay (3 puntos)	Mahusay (2 puntos)	Di-Gaanong Mahusay (1 puntos)
1. Nagamit nang maayos ang ankop na tempo sa pag-awit.			
2. Naawit nang mahusay bahaging may tempong <i>largo</i> .			
3. Naawit nang mahusay ang bahaging may tempong <i>presto</i> .			
4. Nakilala ang mabilis at mabagal na tempo ng awitin.			
5. Naipapakita ang kasiyahan sa isinagawang gawain.			

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Basahin nang mabuti ang sumusunod na mga katanungan. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

- Alin sa sumusunod na elemento ng musika ang naglalarawan ng galaw o kilos?
 - rhythm*
 - melody*
 - dynamics*
 - tempo*
- Alin sa sumusunod ang mabilis na tempo?
 - largo*
 - presto*
 - piano*
 - forte*
- Alin sa sumusunod ang mabagal na tempo?
 - piano*
 - largo*
 - forte*
 - presto*
- Lahat ng awitin sa ibaba ay may tempong presto maliban sa isa.
 - Bahay Kubo
 - Lupang Hinirang
 - Pilipinas Kong Mahal
 - Sitsiritsit
- Pakinggan ang awiting “Sa Ugoy ng Duyan”. Ano ang tempo nito?
 - mabilis at mabagal
 - mabilis na mabilis
 - mabagal
 - katamtamang bilis

Gawain sa Pagkatuto Bilang 6: Muli nating balikan ang pagganap mo sa pag-awit sa Gawain 4. Sipiin ang tsart sa ibaba at iguhit *ang* ★; *star* sa nakalaang kolum batay sa iyong naging *performance*. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Gawain	Napakahusay (3 puntos)	Mahusay (2 puntos)	Di-Gaanong Mahusay (1 puntos)
1. Nagamit nang maayos ang angkop na tempo sa pag-awit.			
2. Naawit nang mahusay bahaging may tempong <i>largo</i> .			
3. Naawit nang mahusay ang bahaging may tempong <i>presto</i> .			
4. Nakilala ang mabilis at mabagal na tempo ng awitin.			
5. Naipapakita ang kasiyahan sa isinagawang gawain.			

A

Sa iyong sagutang papel, isulat ang naramdaman o realisasyon mo sa aralin gamit ang mga sumusunod na *prompt*:

Naunawaan ko na _____

Nabatid ko na _____

Kailangan kong higit pang matutuhan ang tungkol sa _____

Ostinato at *Descant*

Aralin

I

Nalaman mo na sa nagdaang aralin na ang isang awitin o tugtugin ay maaaring mabilis o mabagal. Ngayon naman ay matututuhan mo ang isa pang elemento ng musika na nakadadagdag ng ganda sa isang komposisyon o awitin.


Sa pagtatapos ng aralin, inaasahan na matutukoy mo sa pamamagitan ng pakikinig at pagtingin ang ostinato o descant sa isang *musical sample*.

D

Ang *texture* sa musika ay nailalarawan sa pamamagitan ng kapal o nipis ng mga tunog na maririnig. Kapag naririnig mo ang isa awitin na may ganitong katangian gumaganda lalo ito. May dalawang paraan upang mapaganda o maging kaaya-aya ang isang awitin:


Ostinato - ito ay ang paulit - ulit na mga rhythmic pattern o himig na ginagamit bilang pansaliw sa mga awitin. May dalawang uri ito;

1. *Rhythmic ostinato* ay binubuo ng rhythm lamang. Ito ay hindi aawitin kundi gagamitan ng mga pattern ng tunog na nalilikha ng katawan gaya ng pagpalakpak ng kamay, pagpadyak ng paa (*stomp, stomp, clap*) at iba pa. Ang isang halimbawa na ginamitan ng ganitong *ostinato* ay ang popular na awiting pinasikat ng *Queens* na “*We Will Rock You*”.



2. *Melodic ostinato* naman ay binubuo ng rhythm at melody, maikli at mahabang tunog na may tono. Maari itong kumbinasyon ng mababa at mataas na tono. Nasa ibaba ang ilang halimbawa ng mga nota na maaari lagyan ng tono upang makabuo ng *melodic ostinato*.

Descant - ay isang himig na, inaawit sa itaas kasabay ng *melody*, ngunit kaiba sa pangunahing melody.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Sagutin ang sumusunod na mga katanungan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.


1. Aling elemento ng musika ang tumutukoy sa kapal o nipis na tunog ng isang awitin?
2. Sa paanong paraan mapapaganda o magiging kaaya-aya ang isang awitin? Paghambingin ang mga ito.
3. Ano ang dalawang uri ng *ostinato* at paano sila nagkakaiba?
4. Sa iskor ng awiting “Liza Jane”, paano ito nilapatan ng *descant*?
5. Base sa iyong nabasang impormasyon tungkol as *ostinato* at *descant*, alin sa dalawa ang madaling ilapat sa isang awitin? Bakit?

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Sa tulong ng iyong kasama sa bahay, gawin ang *ostinato patterns* ng mga awiting “*Rain, rain, go away*” na may dalawahang kumpas at “*Leron, Leron Sinta*” na may tatluhang kumpas. Sundin ang mga nakalarawang bahagi ng katawan na pakikilusin.

Rain Rain Go Away



Leron Leron Sinta



Gawain Sa Pagkatuto Bilang 3: Pag-aralang mabuti ang iskor ng awitin sa ibaba. Tukuyin at isulat sa iyong sagutang papel ang *phrase* na nilapatan ng *descant*.

Magtanim ay 'Di Biro

Tagalog Folk Song

Mag-ta - nim ay 'di bi - ro, mag-ha-pong na-ka-yu - ko, Di manlang ma-ka-u - po, Di manlang ma-ka-ta
 Descant 'Di bi - ro mag - ha - pon, 'di
 yo. Mag - ta - nim, 'di bi - ro, Mag - ha - pong na - ka - yu - ko, 'di man
 man lang ma - ka - u - po, 'Di man lang ma - ka - ta - yo.

E

Gawain Sa Pagkatuto Bilang 4: Pagmasdang mabuti ang dalawang iskor ng awitin. Tukuyin kung aling titik ng awitin ang may *ostinato* at *descant*. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

A

A ram sam sam, A ram sam sam, Gu-li gu-li gu-li
 Ram sam sam Ram sam sam Ram sam

B

I'm Gonna Sing

Southern Spiritual/arr. Sams

I'm gon-na sing all the way.
 I'm gon-na sing, gon-na sing, gon-na sing, gon-na sing all a-long my way.

Gawain Sa Pagkatuto Bilang 5: Sa tulong ng kasama sa bahay, magsaliksik ng tig-isang *musical sample* na may *ostinato* at *descant*. Maari itong kopyahin sa bond paper o kaya ay i-print at isumite sa iyong guro.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 6: Sa tulong ng kasama sa bahay, umisip kung paano mapapaganda ang tunog ng awiting “*Twinkle, Twinkle, Little Star!*”. Maaring pumili ng isang paraan sa *ostinato* o *descant*. Pagkatapos ng Gawain ay sagutan ang Rubrik sa ibaba upang maipakita ang antas ng pagkakagawa. Kopyahin ito sa iyong sagutang papel.

TWINKLE, TWINKLE, LITTLE STAR!

- anonymus lullaby -

Arrangement: Andrei Lucian Drăgoi

Tempo: 110bpm (MODERATO)

1 C 2 G 3 F 4 C 5 G 6 C 7 G7 8 C
Twinkle, twin-kle li- ttle star! How I won-der what you are!

9 C 10 G 11 C 12 G 13 C 14 G 15 C 16 G
Up a- -bove the world so high, Like a diam-ond In the sky!

17 C 18 G 19 F 20 C 21 G 22 C 23 G7 24 C
Twinkle, twin-kle li- ttle star! How I won-der what you are!

Gawain	Napakahusay (4)	Mahusay (3)	Di-gaanong Mahusay (1)
Natukoy ang <i>ostinato</i> o <i>descant</i> sa pamamagitan ng pagbasa o pagtingin			
Naawit/nalapatan ng tamang <i>ostinato</i> o <i>descant</i> ang awitin			
Naipakita ang pakikiisa sa itinakdang gawain			
Naipakita ang lubos na kasiyahan sa gawain			

Gawain sa Pagkatuto Bilang 7: Tingnan mabuti ang sumusunod na mga *musical sample*. Tukuyin kung ang mga ito ay may *ostinato* o *descant*. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Ach du lieber Au-gus-tin, Au-gus-tin, Au-gus-tin,
Oh, my dear-est Au-gus-tine, Au-gust-tine, Au-gust-tine,

clap pat stamp

Rock - y moun - tain high.

Rock - y moun-tain, rock - y moun-tain, rock - y moun-tain high.

Just let me wake up in the ear-ly morn. Just let me wake up in the ear-ly morn.

clap pat

Descant 'Di bi-ro, mag-ha-pon, 'di yo. Mag-ta-nim, 'di bi-ro, Mag-ha-pong na-ka-yu-ko, 'Di man lang ma-ka-ta-yo.

A

Sa iyong kuwaderno, magsulat ng nararamdaman o realisasyon gamit ang mga sumusunod na prompt:

- Nauunawaan ko na _____
- _____
- Nababatid ko na _____
- _____
- Kailangan kong higit pang matutuhan ang tungkol sa _____
- _____

Ang Solo o 2-Part Vocal Instrumental Music

Aralin

I

Sa pagtatapos ng aralin, inaasahan na makikilala mo solo o 2-part vocal instrumental music.

D

Naranasan mo na bang umawit nang may kasama o kasabay?


May napansin ka bang pagkakaiba sa pag-awit nang may kasabay?


Ang isang awit ay maaaring awitin ng *unison* (isang tono lang ang maririnig) at dalawahang tinig o higit pa. Ang *2-part vocal* ay binubuo ng dalawang tono na iaawit ng sabay. Nagbibigay ito ng maganda at kaaya-ayang tunog at dumadagdag sa texture ng isang awitin o tugtugin.

Ang *2-part vocal* ay binubuo ng **dalawang himig**: ang bahaging *soprano* (mataas na tono sa babae) at *alto* (mababang tono sa babae). Ang soprano ay nasa itaas na bahagi samantalang ang alto ay nasa ibabang bahagi ng *musical score*. Maaari ring boses ng soprano at tenor (mataas na tono sa lalaki) na inaawit nang sabay.


Isang halimbawa ng *2-part vocal* ay ang awiting “The Prayer” na pinasikat nina Celine Dion (soprano) at Andrea Bocelli (Italian tenor). Sa awiting nabanggit malinaw na maririnig ang dalawang himig.

Suriin at paghambingin mong mabuti ang halimbawa ng *musical score* ng awiting Manang Biday.

A **Manang Biday** 
Ilocano Folk Song



B **Manang Biday**
Ilocano Folk Song



Sagutin ang mga katanungan. Gawin sa iyong sagutang papel.

1. Alin sa dalawang musical score ang aawitin ng *unison*? Bakit?
2. Alin naman ang *2-part vocal*? Bakit?
3. Ano ang napansin mo sa mga notes ng *2-part vocal*?
4. Ano-ano ang magkakatatapat na note?
5. Paano inawit ang mga bahaging may dalawang magkakatatapat na note?
6. Aling measure ang may bahaging alto at soprano na magkaiba ang note?

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Sa iyong sagutang papel, kopyahin ang talahanayan na nasa ibaba. Kilalanin ang solo o *2-part vocal* sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (/) sa tamang kahon.

Pamagat ng awitin	Solo	<i>2-part vocal</i>
A Whole New World		
Tagpuan		
Tala		
Ikaw Lamang		
Wish		

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Basahin ang bawat sitwasyon at kilalanin kung *solo* o *2-part vocal* ang inilalarawan sa bawat pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Napakagandang pakinggan ang rendisyon ni Marcelito Pomoy ng awiting “The Prayer”.
2. Tunay na nakakapagmalaki bilang Pilipino ang ginawang pagtatahal ni Lea Salonga ka-duet si Simon Bowman sa *Miss Saigon* ng awiting “Sun and Moon”.
3. Si H.E.R. ay isang Fil-Am singer na nagwagi ng *Song of the Year (I Can’t Breathe)* sa *Grammy awards* sa US.
4. Sa ginawang pagtatanghal ng magkaibigang Jun at Jillian sa pag-awit, pinuri sila ng kanilang guro sapagkat nag-blend ang kanilang boses, isang mataas at mababang himig.
5. Isang haligi na ng OPM si Rey Valera na isang singer-komposer. Sa pagdaan ng panahon, hindi pa rin kumukupas ang kanyang mataas na boses lalo na pag inawit niya ang “Pangako”.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa tulong ng kasama sa bahay, lagyan ng 2-part vocal ang musical score na “You Are My Sunshine”. Gawin ito sa isang bond paper.

You Are My Sunshine

Musical score for "You Are My Sunshine" in G major, 4/4 time. The score consists of three staves of music with lyrics and chord symbols.

Staff 1: G
 D G A B B B Bb B G G G A B
 YOU ARE MY SUN - SHINE MY ONLY SUN - SHINE YOU MAKE ME

Staff 2: C G C
 D E E D C B G A B D E E D C
 ME HAPPY WHEN SKIES ARE GREY YOU'LL NE - VER KNOW DEAR HOW MUCH I

Staff 3: G D G
 B G G A B C A A B G
 LOVE YOU PLEASE DONT TAKE MY SUN - SHINE A - WAY.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Maghanap ng kapareha na lalaki kung ikaw ay babae, at babae naman kung ikaw ay lalaki sa iyong kasama sa bahay. Awitin ang 2-part vocal ng “Bahay Kubo”. I-video ang inyong pag-awit at ipadala sa messenger ng guro. Isaalang -alang ang rubrik sa gagawin ninyong pagtatanghal. (Para sa kopya ng awitin, sumangguni sa Musika at Sining Kagamitan ng Mag-aaral Unang Edisyon 2015, p. 131)

Babae – aawit ng bahaging soprano

Lalaki – aawit ng bahaging alto.

Bahay Kubo

Tagalog Folk Song

Musical score for "Bahay Kubo" in 3/4 time. The score consists of four staves of music with lyrics.

Staff 1: Ba - hay ku - bo, ka - hit mun - ti ang ha -

Staff 2: la - man do - on ay sa - ri - sa - ri, sing - ka -

Staff 3: mas at ta - long, si - ga - ril - yas - at ma - ni, si -

Staff 4: taw, ba - taw, pa - ta - ni.

Gawain	Napakahusay (3 puntos)	Mahusay (2 puntos)	Di- gaanong Mahusay (1 puntos)
1. Nakilala ang bahaging soprano ng awitin sa pamamagitan ng pakikinig at pagbasa.			
2. Nakilala ang bahaging alto ng awitin sa pamamagitan ng pakikinig at pagbasa.			
3. Naawit nang tama ang bahaging soprano.			
4. Naawit nang tama ang bahaging alto.			
5. Naipakita ang ganap na kasiyahan sa pag-awit ng <i>2-part vocal</i>			

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Kilalanin ang mga awiting may solo at *2-part vocal*. Kopyahin ang talahanayan sa iyong sagutang papel at punan ng hinihinging detalye.

Pamagat ng awiting solong inaawit

Pamagat ng awit na mayroong



Sa iyong *Reflection Notebook*, magsulat ng nararamdaman o realisasyon gamit ang nang mga sumusunod na *prompt*:

Nauunawaan ko na _____

Nababatid ko na _____

Kailangan kong higit pang matutuhan ang tungkol sa _____.

Ang mga *Harmonic Interval* ng mga Awit

Aralin

I

Sa pagtatapos ng aralin na ito ay matutukoy mo ang *harmonic interval* (2 pitches) ng isang awitin. Makikilala mo sa pamamagitan ng pakikinig at pagbabasa ng *music samples*.

D

Alam mo ba na lahat ng bagay na nilalang ay mayroong pagitan? Kahit ang mga muwebles ng kahoy o iba pang bagay na magkakadikit-dikit ay mayroong pagitan.


Kapag kumakain ka, iba-iba ang iyong kinakain. Sa mga gawain mo sa bahay mas mainam din ang iba-iba ang iyong pinagkakaabalahan tulad ng paglalaro, pagbabasa, pagtulong sa gawaing bahay at hindi palaging pag-gagadget lamang ang iyong ginagawa.

Sa musika rin ay may makikita tayong pagitan. Kung mapapansin mo hindi lahat ng panahon ay magkakatabi ang mga nota. May pagitan ang mga ito upang maiba at mapaganda naman ang tono.

May dalawang uri ng interval o pagitan: ang *harmony* (*harmonic*)-kapag ito ay tinutugtog ng magkasabay at ang *melodia* (*melodic*) kapag ang mga tono ay tinutugtog ng isa - isa. May mga *interval* o pagitan na *prime* (pantay), dalawan, tatluhan, apatan, limahan, animan, pituhan o waluhan.

Sa pagbibilang ng *interval* o pagitan ng dalawang nota, mag-umpisa sa nasa ilalim na bilog o nota.

Tingnan mo ang mga halimbawa sa ibaba.



Prime	dalawahan	tatluhan	apatán

limahan	animán	pituhan	waluhan

Sagutin ang sumusunod na mga tanong. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Ano ano ang dalawang uri ng interval o pagitan? Ipaliwanag kung paano sila nagkakaiba.
2. Ano ang ibig sabihin ng *prime interval*?
3. Aling bilog o nota ang uunahin mo para mabilang mo ang tamang interval o pagitan ng dalawang nota o pagitan?
4. Sa pagtingin mo at pagbilang ng pagitan ng dalawang bilog o nota ng halimbawa sa itaas, may pattern bang sinusunod? Ano ang *pattern* na sinusunod sa pagbibilang?

Gawain Sa Pagkatuto Bilang 1: Masdan at kopyahin ang bahagi ng awitin sa ibaba sa iyong sagutang papel. Kulayan ng pula ang magkakatulad na *harmony* at berde naman ang *melodia*. Gawin sa iyong sagutang papel.

Gawain Sa Pagkatuto Bilang 2: Masdan ang bahagi ng awitin sa ibaba. Lagyan ng tamang bilang ng interval ang bawat sukat. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

A	B	C	D
E	F	G	H

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Pag-aralan ang bahagi ng awiting “Bahay Kubo”. Pagkatapos, ay sagutin ang sumusunod na mga katanungan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Ilarawan ang piyesa ng awitin “Bahay Kubo”.
2. Aling mga *measure* ang may bahaging soprano at alto na sabay inaawit?
3. Ano anong mga nota ang bumubuo sa awitin?
4. Bilugan ang mga *measure* sa awitin na may *harmonic third Interval*.





C Major Scale

Bahay Kubo *Awiting Bayan*

ni, si - taw, ba - taw, pa - ta - ni.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Sa iyong sagutang papel, kopyahin ang iskala na nasa lawaran. Gumuhit/lagyan ng nota o bilog na may interval o pagitan na nakasaad sa bawat iskala. Gawing batayan ang nakalagay na bilog o nota sa pagbibilang.

Tatluhang interval	Limahang interval	Prime	Waluhang interval
			

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong. Piliin at isulat sa iyong sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

- Alin sa sumusunod ang binubuo ng dalawa o higit pang magkaugnay na tone?
 - Descant*
 - Harmonic interval*
 - Melodic ostinato*
 - Rhythmic ostinato*
- Paano inaawit o tinutugtog ang *harmonic interval*?
 - Magkasabay
 - Magkahiwalay
 - Paisa-isa
 - Sunod-sunod
- Sa paanong paraan nakikilala ang *harmonic interval*?
 - Sa pakikinig
 - Sa pagbabasa
 - Titik A at B
 - Wala sa nabanggit

Suriing mabuti ang iskala sa ibaba:



- Alin ang nagpapakita ng *harmonic interval* na *third*?
- Alin naman ang nagpapakita ng *harmonic interval* na *fifth*?

Gawain sa Pagkatuto Bilang 6: Suriing mabuti ang *musical sample* sa ibaba. Pagkatapos, tukuyin ang *harmonic interval* ng mga nota o bilog sa mga piling iskala. (Maaaring magkaroon ng isa - tatlong kasagutan sa bawat iskala). Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Manang Biday Ilocano Folk Song

Ma-nang Bi - day i - lo - kat mo man Ta ben - ta - na i - ka - lom - ba -
 Ma-nang Bi - day ma - a - ya ka na Sa bin - ta - na a - ko ay ting -
 bam, Ta - ki - ta - em toy ki - na - ya - wan Ay ma - ta - ya kon no di - nak - kaa siam.
 nan, Pa - king - gan ang a - wit na i - to Pa - ra sa 'yo ga - ling sa pu - so ko.



Sa iyong *Reflection Notebook*, magsulat ng nararamdaman o realisasyon gamit ang nang mga sumusunod na *prompt*:

Nauunawaan ko na _____

Nababatid ko na _____

Kailangan kong higit pang matutuhan ang tungkol sa _____

Ang Paglikha ng mga *Harmonic Interval*

Aralin



Sa pagtatapos ng aralin na ito ay nakalilikha ng mga halimbawa ng *harmonic intervals (2 pitches)*





Noong nagdaang linggo ay natutuhan mo na ang mga nota ng mga awitin ay may pagitan o *interval* sa iba't ibang musika. Tingnan mong muli ang mga halimbawa sa ibaba.

Prime	dalawahan	tatluhan	apatan
<hr/>			
limahan	animan	pituhan	waluhan

Iyong pakatandaan na kapag magbibilang ka ng interval ng dalawang nota, magsisimula ka ng pagbilang sa nasa ilalim na nota.

Bilang balik-aral, gawin mo ang pagsasanay sa ibaba.



Gawain Sa Pagkatuto Bilang 1: Bilangin at isulat sa iyong sagutang papel ang interval ng sumusunod na mga nota.



May dalawang uri ng interval; *harmonic interval at melodic interval*. Sa araling ito, itutuon mo ang iyong pansin sa kung paano ka makakalikha ng halimbawa ng mga *harmonic interval* ng dalawang *pitch*.

Ang *harmonic interval* ay binubuo ng dalawa o higit pang mga *tone* na magkaugnay at iaawit o tinutugtog nang sabay. Kapag tinugtog sa piyano ang mga nota nang sabay ay nakalilikha ito ng kaaya-ayang tunog.

Gawain Sa Pagkatuto Bilang 2: Pag-aralan ang iskor ng awiting “Bahay Kubo”. Pagkatapos sagutin ang sumusunod na mga katanungan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



1. Pagkumparahin ang dalawang iskor ng awiting “Bahay Kubo”. Alin ang mas madaling awitin? Bakit?
2. Ano ang mapapansin mo sa mga notes na idinagdag sa iskor ng awitin?
3. Magkakapareho ba ng *interval* ang mga nota sa buong awitin?
4. Ilan ang ang mga *interval* ng mga magkakatatap na nota?
5. Sa paanong paraan nakakatulung ang paglalagay ng *harmonic interval* sa awitin?

Gawain Sa Pagkatuto Bilang 3: Kopyahin ang ilustrasyon na nasa ibaba sa iyong sagutang papel. Lumikha ng *harmonic third interval* sa sumusunod na mga nota.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Kopyahin sa sagutang papel ang iskor ng awiting “Happy Birthday” na nasa ibaba. Lagyan ang bawat *measure* ng *harmonic interval*. Sundin kung anong interval ang gagamitin sa bawat *measure*.

1st *measure* - tatluhan 3rd *measure* - dalawahan 5th *measure* - prime
 2nd *measure* - isahan 4th *measure* - isahan

1st phrase 2nd phrase

Hap - py birth-day to you! Hap-py birth-day to you!

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Sa tulong ng kasama sa bahay, awitin ang “Tirit ng Maya”. Pagkatapos, lumikha ka ng *harmonic third interval* sa bahaging may parisukat. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Tirit ng Maya

Tagalog Folk Song

Ti-ri - rit ng ma - ya, Ti-ri - rit ng i - bon, Hu-ni ng ti-yan ko'y ti-nu-mis na ba-boy.

boy. Ti - ri - rit ng i - bon, Ti - ri - rit ng ma - ya, Hu - ni

ng ti - yan ko'y ti - nu - mis na ba - boy.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 7: Magsaliksik ng isang simpleng *musical score* sa iyong aklat. (Note: Kung may kakayahan maaring mag-*search* sa internet). Pumili ng dalawang measure at lapatan ito ng *harmonic third interval*. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Gawain Sa Pagkatuto Bilang 8: Kopyahin ang rubrik sa iyong sagutang papel. Sa tulong ng kasama sa bahay, palagyan ng tsek (/) ang kahon bilang pagsukat sa ipinakitang kakayahan sa paglikha ng *harmonic interval*.

Mga Gawain	Napakahusay (3 puntos)	Mahusay (2 puntos)	Di-Gaanong Mahusay puntos)
Nakalikha ng <i>harmonic interval</i> para sa awitin.			
Naipakita ang pakikiisa sa mga gawaing itinakda.			
Naipakita ang kasiyahan sa paglikha ng <i>harmonic interval</i> .			

A

Punan ng angkop na salita ang mga patlang. Pumili mula sa kahon. Gawin ito sa iyong kuwaderno

Ang isang _____ ay higit na maganda at kaaya-aya sa pandinig kung lalapatan ito ng *harmonic interval*. Ang _____ *third interval* ay ang pinakamadalas at pinakamadaling ilapat sa pangunahing *melody* ng isang awitin. Kung ano ang _____ na ginamit sa *melody*, iyon din ang gagamiting *note* sa paglalagay ng *harmonic interval*.

awitin

harmonic

note

Ang Pagsasagawa ng Awit na may *Harmonic Interval*

I

Aralin

Ang aralín na ito ay idinisenyo at isinulat para sa iyo, upang matulungan ka na maisasagawa ang awitin na may *harmonic intervals* (2 *itches*).

Natutuhan mo sa nagdaang aralin na ang *harmonic interval* ay binubuo ng dalawa o higit pang mga *tone* na magkakaugnay at inaawit o tinutugtog nang sabay. Sa mga *harmonic interval*, ang pinakamadalas at pinakamadaling ilapat sa pangunahing *melody* ng isang awitin ay ang *harmonic third interval*.

Sa aralin mo ngayon, inaasahang makapagsagawa ka ng awitin na may *harmonic intervals*.

Sa pakikinig sa mga mang-aawit sa radio, sa telebisyon, sa paaralan, sa simbahan, o kahit saan ay mapapansin mo ang iba't ibang paraan ng pag-awit.

Subukin mong pakinggang mabuti ang dalawang mang-aawit na umaawit nang magkasabay. Kahit na magkaiba sila ng *tone* sa pag-awit ay kaaya-aya pa rin itong pakinggan sapagkat lumilikha sila ng tunog na may *blending*.



Halina't subukan mong gawin ang pag-awit na may *harmonic intervals* na ito sa tulong at gabay ng mga kasama sa bahay.

D

Gawain Sa Pagkatuto Bilang 1: A. Kopyahin sa iyong sagutang papel ang dalawang iskor ng awitin sa susunod na pahina. Lapatan ito ng *harmonic third interval*. Sa tulong ng kasama sa bahay, pumili ng isa at awitin ito. Ikaw ang aawit ng itaas na bahagi at ang napiling kasama sa bahay ang aawit ng ibabang bahagi. Mag-ensayo muna bago iparinig sa iba pang kasama sa bahay ang nabuong awitin. (Note: Maaaring gumamit ng *musical instrument* na meron sa inyong tahanan o kaya ay mag-download ng *piano apps* sa *cellphone*)



Sleep

Jan Rizza



Walk

John Lester



B. Palagyan ng tsek (/) sa kasama sa bahay ang angkop na kolum base sa pagkasagawa mo ng pag-awit. Gawin ito sa sagutang appeal.

Gawain	Napakahusay	Mahusay	Di-Gaanong Mahusay
	5	3	1
1. Nakalilikha ng harmonic third interval para sa awitin.			
2. Naaawit nang tama ang harmonic interval na nalikha			
3. Naaawit nang may kaaya-aya sa pandinig ang mga awitin.			
4. Naipakita ang pakikiisa sa mga gawaing itinakda.			
5. Naipakita ang lubos na kasiyahan sa mga gawain na may kapareha.			

Gawain Sa Pagkatuto Bilang 2: A. Pag-aralan ang iskor ng awiting “Leron, Leron Sinta”. Sa tulong ng mga magulang/tagapangalaga/kasama sa bahay, magpaturo ng pag-awit nito. Ikaw ang aawit ng itaas na bahagi at isa sa kasama mo sa bahay ang aawit ng ibabang bahagi. (Note: Maaaring gumamit ng piano, organ, gitara or *minus one* upang mas maging maganda ang pagsasagawa ng gawain). Awitin ito sa harap ng ibang kasama mo sa bahay.


Leron, Leron Sinta



Le - ron, le - ron sin - ta. Bu -



ko ng pa - pa - ya, da - la - da - la'y bus - lo si -



sid - lan ng bu - nga Pag - da - ting sa du -



lo'y na - ba - li ang sa - nga ka -



pos ka - pa - la - ran hu - ma - nap ng i - ba.

B. Palagyan ng tsek (/) sa kasama sa bahay ang angkop na kolum base sa pagkasagawa mo ng pag-awit. Gawin ito sa sagutang papel.

Gawain	Napakahusay 5	Mahusay 3	Di-Gaanong Mahusay 1
1. Naaawit nang tama ang harmonic interval ng awitin			
2. Naaawit nang may kaaya-aya sa pandinig ang awitin.			
3. Naipakita ang pakikiisa sa mga gawaing itinakda.			
4. Naipakita ang lubos na kasiyahan sa mga gawain na may kapareha.			

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Magsaliksik ng isang simpleng awitin sa aklat na Musika at Sining 4 o kaya ay sa internet. Lapatan ito ng *harmonic third interval* at awitin kasama ang kapareha at iparinig sa mga kasama sa loob ng bahay. Kopyahin ang rubriks at palagyan ng tsek (/) sa kasama sa bahay base sa pagkasagawa mo ng gawain.

Gawain	Napakahusay 5	Mahusay 3	Di-Gaanong Mahusay 1
1. Nakalilikha ng harmonic third interval para sa awitin.			
2. Naaawit nang tama ang harmonic interval na nalikha			
3. Naaawit nang may kaaya-aya sa pandinig ang mga awitin.			
4. Naipakita ang pakikiisa sa mga gawaing itinakda.			
5. Naipakita ang lubos na kasiyahan sa mga gawain na may kapareha.			

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Sa mga awiting iyong isinagawa at ipinarinig sa mga kasama sa bahay, pumili ng isang ire-record/ivi-video at ipapadala sa messenger ng iyong guro. Isalang -alang ang mga pamantayan sa pagmamarka. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Gawain	Napakahusay 5	Mahusay 3	Di-Gaanong Mahusay 1
1. Nakalilikha ng harmonic third interval para sa awitin.			
2. Naaawit nang tama ang harmonic interval na nalikha			
3. Naaawit nang may kaaya-aya sa pandinig ang mga awitin.			
4. Naipakita ang pakikiisa sa mga gawaing itinakda.			
5. Naipakita ang lubos na kasiyahan sa mga gawain ng may kapareha.			


A

Punan ng angkop na salita ang mga patlang. Pumili mula sa kahon. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Tone	blending	magkasabay	pag-awit
pakinggan			

Sa pakikinig sa mga mang-aawit sa radio, sa telebisyon, sa paaralan, sa simbahan o kahit saan ay mapapansin mo ang iba't ibang paraan ng (1) _____ .

Subukin mong pakinggang mabuti ang dalawang mang-aawit na umaawit nang (2) _____. Kahit na magkaiba sila ng (3) _____ sa pag-awit ay kaaya-aya pa rin itong (4) _____ sapagkat lumilikha sila ng tunog na may (5) _____ .



Susi sa Pagwawasto

Week 1

Gawain sa Pagkatulo 1

- Ang tempo ay ang tiyak na kilos o galaw ng isang awitin o fugugin.
- Ang dalawang unang tempo ay mabalis at mabagal.
- Mabalis - *Mga Alaga Kong Haya*
Mabagal - *Lullaby and Goodnight*
- Ang presto ay mabalis na tempo at ang largo naman ay mabagal na tempo.

Gawain sa Pagkatulo 2

Rock a bye	✓	
Leron Leron	✓	
Sintisit		✓
Ligoy ng Duyan	✓	
Pan-parang Bukid		✓

Gawain sa Pagkatulo 5

- D
- B
- B
- C
- C

Week 2

Gawain sa Pagkatulo 1

- texture
- Ang ostinato ay paulit - ulit na mga rhythmic pattern o himig.
- Ang descendant ay himig na inawit sa itaas karabay ng melody, ngunit kataba sa pangunahing melody.
- Rhythmic and melody ostinato.
- (maging magkabalabang mga sagot)

Gawain sa Pagkatulo 3

"Magtanim ay di biro, Maghapon ng nakayuko, Di man lang makapulo, Di man lang makatayo."

A - ostinato
B - descendant

Gawain sa Pagkatulo 7

- ostinato
- descant
- ostinato
- descant

Week 3

Gawain sa Pagkatulo 1

Whole New World	✓	
A Whole New World	✓	
Tagpuan	✓	
Tala	✓	
Ilaw Lamang	✓	
Wish	✓	

Solo 2-Part

Gawain sa Pagkatulo 2

- 2-part vocal
- 2-part vocal
- solo
- 2-part vocal
- solo

Week 4

Gawain sa Pagkatulo 2

- A. 3
- B. 4
- C. 5
- D. 7
- E. 8
- F. 8
- G. 8
- H. 7

Week 4

Gawain sa Pagkatulo 4

Gawain sa Pagkatulo 5

- B
- A
- C
- A
- B

Week 5-6

Gawain sa Pagkatulo 3

Gawain sa Pagkatulo 4

Week 7-8

Gawain sa Pagkatulo 1

PIVOT Assessment Card for Learners

Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.



- ★ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

Gawain sa Pagkatuto

Week 1	LP	Week 2	LP	Week 3	LP	Week 4	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	
Week 5	LP	Week 6	LP	Week 7	LP	Week 8	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	


Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ★, ✓, ?.



Sanggunian

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0*. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.



Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

